ANUNSYO NG PANGANGALAP PARA SA NANGUNGUPAHANG KOMISYONER

Ang Awtoridad ng Pabahay ng County ng San Diego ay naghahanap ng mga kwalipikadong aplikante upang maglingkod bilang Nangungupahang mga Komisyoner sa Lupon ng mga Komisyoner ng Awtoridad ng Pabahay ng County ng San Diego.

Ang Lupon ng mga Komisyoner ang lupong tagapamahala sa Awtoridad ng Pabahay ng County ng San Diego (HACSD). Bilang lupong tagapamahala, pinangangasiwaan ng Lupon ng mga Komisyoner ang pangangasiwa ng Housing Choice Voucher at mga Programa ng Pampublikong Pabahay at responsable sa pag-apruba ng mga aktibidad, tulad ng Plano ng Ahensiya, taunang badyet, kahilingan para sa pagpopondo, programa at pagpapatupad ng mga bagong programa sa pabahay. Ang Lupon ng mga Komisyoner ng HACSD ay binubuo ng limang miyembro ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng San Diego at dalawang Nangungupahang Komisyoner.

Ang mga residente ng Pampublikong Pabahay at mga kalahok sa programang Section 8 Housing Choice Voucher (HCV) ng Awtoridad ng Pabahay ng County ng San Diego (HACSD), ay karapat-dapat para sa appointment sa HACSD Lupon ng mga Komisyoner bilang isang nangungupahang komisyoner.

Ang pagdalo sa nakaiskedyul na pagsasanay sa Nangungupahang Komisyoner at mga pulong ng lupon ay kinakailangan para sa patuloy na pagiging karapat-dapat.

Ang mga interesadong aplikante ay kailangang magsumite ng aplikasyon para simulan ang proseso. Ang mga dokumento ng aplikasyon at impormasyon ay makukuha sa pahina ng anunsyo sa www.sdhcd.org**.** Mangyaring isumite ang iyong aplikasyon sa HACSDBOARDS.HHSA@SDCOUNTY.CA.GOV sa o bago **sumapit ang Biyernes, Hunyo 3, 2022.** Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring mag-email sa HACSDBOARDS.HHSA@SDCOUNTY.CA.GOV

Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang Fact Sheet ng Pangangalap ng Nangungupahang Komisyoner.